Abril 10, 2020

Kontak: Lungsod ng Long Beach Joint Information Center, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Paglabas

Dinagdagan ng Pulisya ang mga Pamamaraan sa Pagpapatupad ng Pangkalusugan na Kautusan Upang Makakuha ng Karagdagang Pagsunod

Long Beach, CA - Ang Departamento ng Pulisya ng Long Beach ay nagdaragdag ng mga pamamaraan ng pagpapatupad upang makatulong na matiyak ang kaligtasan ng komunidad. Karamihan sa mga residente ng Long Beach ay sumusunod sa "Mas Ligtas sa Bahay" na Pangkalusugang Kautusan na dinisenyo upang makatulong na mapigilan ang pagkalat ng COVID-19; gayunpaman, ang ilang mga indibidwal ay patuloy na lumalabag sa mga kautusang ito.

"Ang mga tao ay kinakailangang manatili sa bahay maliban sa paglalakbay papunta sa mga mahahalagang negosyo o upang makisali sa mga mahahalagang aktibidad, sa kondisyon na isinasagawa ang pisikal na pagdistansya," sabi ni Mayor Robert Garcia. "Ito ay simple. Kung patuloy kang lalabag sa mga Pangkalusugang Kautusan, inilalagay mo sa panganib ang komunidad at maaari kang mabigyan ng tiket upang sumunod. "

Ang pagkalat ng COVID-19 ay nagdudulot ng malaking panganib sa kalusugan ng publiko sa loob ng Lungsod ng Long Beach. Gagawa ang pulisya ng bawat pagsisikap na gumamit ng isang sentido-komun na pamamaraan na nagbibigay diin sa edukasyon at mga babala sa pagpapatupad upang makakuha ng kusang pagsunod sa mga "Mas Ligtas sa Tahanan" na Mga Kautusan. Ang anumang negosyo na patuloy na lumalabag sa Kautusang ito ay napapailalim sa mga sibil at administratibong kaparusahan. Ang paglabag sa Social Distancing Order ay isang maliit na krimen na may kaparusahan na multa na hindi bababa sa $50 o hindi hihigit sa $1000, o sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa isang termino na hindi hihigit sa 90 araw, o pareho sa ilalim ng California Health and Safety Code Seksyon 120295 et seq.

"Patuloy tayong nakakaranas ng ilang hindi pagsunod kaugnay ng social distancing sa mga pampublikong espasyo," sabi ng Punong Pulis na si Robert Luna. "Kahit na ang may diskresyon ang ating mga pulisya na mag-isyu ng mga sitasyon, hinihiling namin ang lahat na gawin ang tamang bagay at kusang sumunod sa mga utos na ito. Ang pagbabawas ng pagkalat ng virus ay isang nakabahaging responsibilidad."

CITY OF LONG BEACH

Sa pamamagitan ng kautusan ng City Health Officer sa isang pagsisikap na mabawasan ang pagkalat ng COVID-19, ang lahat ng mga residente ay dapat manatili sa bahay, kasama ang mga sumusunod na pagbubukod:

- Travel to and from essential businesses or essential activities such as going to the grocery store or a medical appointment. Paglalakbay patungo at mula mahahalagang negosyo o mahahalagang aktibidad tulad ng pagpunta sa grocery store o isang medikal na appointment.

- Paglakbay papunta sa trabaho at, o magbigay ng serbisyo sa isang operasyon sa pangkalusugang o kritikal na imprastraktura.
- Ehersisyo, jogging at iba pang mga aktibidad sa labas.

Kinakailangan ang pisikal na distansya ng anim na talampakan o higit pa.

Tulad ng naunang pahayag, ang mga pasilidad sa palakasan sa mga parke at beach na pag-aari ng Lungsod ay nananatiling sarado.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang mga residente nito, bisitahin ang: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###